

CHAPTER One

Nakatatak sa utak niya ang desperasyon sa mga mata ng kakambal na si Phoebe habang nakikiusap ito sa kanya.

“Piper, please, buhay ko ang nakataya rito. Hindi ko naman ito hihilingin sa iyo kung hindi seryoso ang sitwasyon. Please, please, please. If that video ever gets out, I’ll lose Aaron forever. Hindi ko iyon kakayanin.”

“Sana naisip mo iyan before you went to bed with your boss. At ang panalo pa, eh, kinailangan n’yong i-video ang sarili ninyo! Ano kayo, mga teenager? Hindi ba kayo nanonood ng balita? Maraming gumagawa niyan at pag kumalat sa media ay iiyak-iyak sa TV!”

Oo, iyon nga mismo ang ginawa ng magaling niyang kakambal. The other night ay nagtungo sa

Quezon City ang mga ito mula sa Nueva Ecija para sa isang linggong seminar. Nang mag-away sa telefono si Phoebe at ang nobyong si Aaron, nagpaunlak ang una sa pag-aaya ng ilang katrabayong mag-inuman sa bar ng tinutuluyang hotel. Kasama nila ang boss na si Javier Cervantes kung kanino nagtatrabajo si Phoebe bilang sekretarya for almost six months.

To cut the story short, nang parehong matamaan sa ininom, napadpad ang boss at sekretarya sa suite ng una kung saan nag-eksperimento ang mga ito sa camera ng laptop ni Javier at ni-record ang pag-circus ng dalawa sa kama.

“We didn’t actually do it. But it was still as bad! I’m not sure if my face was ever focused on the camera, and we did come to the point where I was completely naked!”

“At bigla kang natauhan, gan’on? Bigla kang gininaw nang mahubaran?” Pilit niyang iwinawaksi sa isipan ang larawan ng kakambal na nasa ganoong sitwasyon.

“Actually, nag-ring ang phone ko. Si Aaron ang tumatawag. I remember leaving the room in a hurry and he was left cursing me to hell.”

“Can’t say I blame him.”

“Piper, please.”

Inirapan niya ito. “Hindi makatarungan iyang hinihilting mo sa akin! I will never ask you to do this kind of thing for me. Ever. Not that I’ll ever find myself in this kind of situation, in the first place,”

paniniguro niya. “Huh, pretend as you, Phoebe? Pambatang laro lang iyang naiisip mo.”

Madalas nila itong gawin noong sila ay mga bata pa. Ang magpalitan ng identity. Dahil magkamukhang-magkamukha talaga sila, tanging ang mga magulang lang nila ang hindi nila nalilinlang.

At ngayon, hinihiling ni Phoebe na magpanggap siyang ito.

“Kung hindi ako naaksidente, hindi ko ito hihilingin sa iyo.”

Oh, yeah, when Phoebe came to her senses, binalot ito ng matinding kahihiyian at walang naisip gawin kundi ang lumayo sa boss nito. Umalis ito sa hotel para puntahan siya sa Sta. Mesa kung saan siya nakatira. Solo ni Piper ang pangalawang palapag ng maliit na apartment na inuupahan, at makitid at mataas ang hagdanan paakyat doon. Habang papaakyat ng hagdanan ang babae ay natapilok ito, dahilan para madale ang sakong nito. Kaya naman nasa ospital sila ngayon kung saan sinemento ang paa ni Phoebe.

“I have a feeling sinadya mong matapilok para pilitin akong magpanggap na ikaw,” akusa ni Piper, which was stupid, of course, dahil paano ba naman sasadyaing matapilok? Gusto niya lang sisihin ang kakambal sa lahat ng detalye.

May gana pa itong umaktong nasaktan. May nangilid na luha sa mga mata nito.

Umikot ang eyeballs ni Piper. Mula noon, kayang-kaya ni Phoebe na maging drama queen kung kinakailangan. Sad to say that most of the time ay bumibigay siya.

“Eh, bakit ba kasi hindi mo na lang siya tawagan at pakiusapan na i-delete ang video?”

“Puwedeng-puwede naman siyang sumang-ayon, di ba? Pero paano ako makasisigurong gagawin niya nga? You have to personally delete it, Piper. As soon as possible. Kapag lumabas iyon, ewan ko lang.”

“Hmph! Ibe-break ka ni Aaron?” ismid niya.

Si Aaron ay nobyo ni Phoebe at halos maglilimang taon na ang relasyon ng mga ito. Kung kailan akala ni Piper na solid na solid na ang relasyon ng dalawa, saka naman naisipan ng kakambal ang magpaka... ewan!

Hindi siya makaisip ng salitang gagamitin para rito. “Eh, di buti nga sa ’yo!” sabi niya na lang. “Para magtanda ka at lumipad papuntang Mars lahat ng libog sa katawan mo! Anyone who has enough self-respect will have self-control as well. What happened to yours? Ah, oo nga pala...” Itinaas niya ang kamay, hindi ito hinayaang makasingit dahil sa hula niya ay magiging defensive si Phoebe sa sasabihin nito. “It was the alcohol. Of course. Huwag kang mag-alala, kapag mas tinopak pa ang boss mo at maisipang ilabas ang video n’yo, you can always blame it on the alcohol! Maging si Aaron naman siguro ay maiintindihan ka. Alin ba ang salarin?

Tequila? Gin?"

And of course, Phoebe knew how to shut her up.

"Naisip mo ba si Mommy?" gumagaralgal ang boses na tanong nito na sinabayang pagpunas ng luha. "Baka atakehin iyong puso."

Shame on her. Bakit nga ba ngayon niya lang naisip ang kanilang ina? Isa itong kagalang-galang na principal sa isang public school sa probinsya nila sa Nueva Ecija. Ano na nga lang ba ang mangyayari rito kapag nagkataon?

And shame on Phoebe for knowing how to hit a soft spot. Hindi siya perpetually anak, pero hindi niya rin hahayaang masaktan ang nanay niya.

"At kapag may nangyaring masama kay Mommy, hindi ko mapapatawad ang sarili ko. Magpapakamatay ako."

Tinakpan ni Piper ang magkabilang niyang tainga. She just reached her limit of tolerance tonight.

Minutes later, she was already searching the Internet on how to securely erase files from a computer.

Nang makita ni Phoebe na bumigay na siya sa kagustuhan nito, she went back to her usual self, confident and in control. Idinetalye sa kanya ng kakambal ang plano nito.



Phoebe said it would be easy. Papasok siya sa suite na inookupa ni Javier at around seven thirty in

the evening dahil iyon ang oras ng dinner schedule ng grupo sa isang malapit na restaurant.

Dahil kilala nito ang may-ari ng hotel, ipinagamit ng huli ang personal suite nito kay Javier. Hindi na kailangan ni Piper ang susi dahil digital ang lock ng pinto at kailangan niya lang pindutin ang anim na numerong ibinigay ng kanyang kakambal.

This is probably the nth time na hiniling kong wala na lang akong kakambal, anang isipan niya habang kinakabahang sumakay ng elevator.

After today, magma-migrate na siya sa Timbuktu kung saan hindi siya maaapektuhan ng mga kalokohan ni Phoebe.

As of now... Narating niya ang suite at pinindot ang mga numerong nakatatak sa isipan, saka pigil ang hiningang itinulak ang pinto.

Saka lamang niya pinawalan ang pinipigil na hininga nang sa wakas ay makapasok. Nalula siya sa pagkaengrande ng suite. Why not, ang *Sevilla Hotel* ay isang five-star hotel. You'd expect the owner's suite to be the grandest. It was designed as a bachelor suite consisting of a small kitchen, living area and the sleeping area na ang tanging nakatakip ay see-through na kurtina. Tanging ang banyo at ang palabas ng terrace ang may mga sariling pinto.

The kitchen looked picture perfect na komo'y hindi pa nagagamit mula noong unang magawa iyon. The living room consisted of a huge sofa, a home theater set. And the bed... wow! Malulunod

yata siya kapag nahiga siya sa malawak na kama... at sa gitna niyon ay neroon ang laptop na sadya niya.

Nang makita iyon ay may pumitik na mga daliri sa harapan niya at nagpaalala na hindi siya naparito para maglaway sa inggit. She was here, risking her own neck to save her twin sister's neck. She smirked. The story of her life.

Parang magnanakaw na nilingon niya ang pinto para siguruhing nakasara iyon bago niya tuluyang buksan ang laptop at kalikutin ito.

Nang makontento ay ibinagsak ni Piper ang sarili sa kama. Ilang sandaling nahiga siya, savoring the grandeur of the room. Minsan lang siya makakapasok sa ganitong lugar. Pagkuwa'y agad din niyang sinuway ang sarili at hinaram ang laptop.

Tama nga si Phoebe, this was going to be easy. Hindi naman daw naglalagay ng password sa laptop nito si Javi er.

Pinindot niya ang power button ng laptop saka nag-yoga position sa kama. Ngingiti-ngiti pa siya habang ine-enjoy ang kalambutan niyon.

Kung kanina lamang ay para siyang nasa *Mission Impossible* na pelikula, ngayon ay pasayaw-sayaw pa siya.

Hindi nagtagal ay umilaw na ang laptop. Any moment now...

The bathroom door opened.

And poor Piper shrieked like a banshee!

CHAPTER Two

*H*ow could she not? Bukod sa hindi niya inasahang may kasama siyang tao sa loob, the man also happened to be naked.

“What the hell...!” Mabuti na lamang at mabilis ang mga kamay nito kaya ang tuwalyang pinampupunas sa buhok ay agad itinapi sa pangibabang bahagi ng katawan nito.

“Oh my gosh, oh my gosh!” Tumalon mula sa kama si Piper at parang baliw na tumalikod habang tinatakpan ang mukha. “I’m sorry! I’m sorry!” She took a deep breath. And then another. At nang wala pa rin siyang naririnig na reaksyon mula sa lalaki ay dahan-dahan niyang hinarap ito.

He was standing with his arms crossed over his chest. At hindi niya matantya ang iniisip nito batay

sa walang ekspresyong mukha ng lalaki. Hindi niya rin talaga matantya, because she was totally dumbstruck.

Damn. He looked... magnificent. And his cool demeanor over the situation made him look more appealing because he looked so in control.

No wonder Phoebe lost her mind. She should remind herself to forgive her twin when she sees her later.

Hey, Piper statue? sita niya sa sarili. But she had no more time to castigate herself because the man finally decided to stop her ogling.

“Like what you see?” he finally addressed her. But his body was poised na parang dadakmain siya anumang sandali.

“What?” nabiglang sagot niya nang natauhan mula sa paglalaway “Of course.” At lalong pinamulahan ng kanyang mukha, pero huli na para bawiin ng lumabas sa bibig. Obviously, hindi masaya ang lalaking makita siya rito. *I’m sorry, Phoebe, anang kanyang isipan, either this man wasn’t impressed by you enough to forgive you, o nabitin itong masyado kaya galit ngayon.* “I mean, well, it’s not as if I haven’t seen it before.” *Great, Piper, great, iyon lang ang naisip mong sabihin?* Nagpilit siya ng isang tawa na sa halip na ipahiwatig na relaxed lang siya ay lalong ipinahalata kung gaano siya kanerbyos.

Tinaasan siya nito ng kilay. Not impressed by

her attempt show of nonchalance. Binalot sila ng matagal na katahimikan. Either nagdededesiyon ang lalaki sa susunod na aksyon o hinihintay nitong siya ang unang magsalita.

Hindi kinaya ng dalaga ang katahimikan. Kailangan na niya itong tapusin nang makaalis na rito. “I’m sorry. I shouldn’t be talking about the other night. It was a mistake.” Sinapo ni Piper ang mukha at kinontrol ang panginginig saka muling nagpilit ng ngiti. “Actually, ’andito lang ako dahil sa video. Gusto ko sanang i-delete ito. I know I could have asked you to do it, but I wanted to do it myself. To be sure, you see.”

Sandali itong napakunot-noo saka ngumiti nang sarkastiko.

“I don’t see,” he said mockingly. “So, you went over my laptop?” ang realisasyon nito. “Akala ko balak mo lang itong nakawin. Iyon pala, aside from breaking and entering, you went over my personal things with other weird intention. I’m calling security.”

Bago pa man marating ng lalaki ang telepono ay naunahan niya na ito at iniharang ang sarili roon, dahilan para magkabungguan ang kanilang mga katawan. Umatras siya na tila napaso, pero wala na siyang lugar dahil naipit na si Piper ng mesa sa likuran.

“Don’t be ridiculous!” she panted heavily, at

sinubukang itulak ito palayo sa kanya.

He didn't budge.

"You're the one being weird and ridiculous," anito at tinangkang abutin ang telepono sa likuran niya. Umurong uli si Piper para takpan iyon, dahilan para pumalibot ang kamay nito sa kanya.

"Kailangan ko lang i-delete ang video natin. Sa tingin mo ba makakatulong sa reputasyon mo if ever may ibang taong makakita n'on?" singhal niya rito.

Piper felt his hand curve around her waist and she was pulled closer to his body.

"I don't know. I am still confused. And I still want to call the security, unless you could convince me to discuss this further?"

"Oh, come on!" Pinagpapawisan man ay pilit niyang pinakakalma ang sarili. "Hindi na tayo mga bata, what we did is irresponsible and the only responsible thing we could do right now is to delete the video and forget it ever happened."

He smiled down at her. Halos bumigay ang mga tuhod ni Piper. Damn! The man was seducing her with his every move. Ang masama, nagpapahatak siya!

I have no choice! depensa ng isipan niya. Akala ng lalaki ay siya si Phoebe, hindi puwedeng sa kalagitnaan nito ay biglang magbago ang isip niya at magpakilala kung sino siya talaga. Or maybe she could do that if she wanted to make things even

more complicated!

*Just go with the flow, kumbinsi niya sa sarili,
you'll be out of here in a little while...*

"The thing is," he whispered in her ear, "I don't want to forget."

Napasinghap si Piper.

Get a grip! aniya sa sarili at nagawang dumausdos pababa para sa sahig, umurong paiwas sa kaharap saka siya muling tumayo. An arm's length away from him.

The man was dangerous. Attractively dangerous. And she's in great, great danger.

Muli siyang tinaasan ng kilay ng kausap at ang mga braso ay pinagtiklop sa matipunong dibdib nito.

"So, I take that as 'no' to discussing this further?" nanghahamon ang boses nito.

"Please..." Naiiyak na siya sa desesperasyon sa sitwasyong pinasok. This was way out of her league. "Ano pa ba ang gusto mong pag-usapan natin? Bukas na bukas din, ipapasa ko na ang resignation letter ko." Well, at least, alam niyang desidido si Phoebe na gawin iyon pag-uwi.

"Resignation?" Tumawa ito nang pagak. "Come on, seryoso ang bagay na iyan. Dapat pinag-iisipang mabuti at pinag-uusapan. Kumain ka ba?" biglang tanong nito.

How hilarious! Parang normal na sitwasyon lang itong pinagdadaanan nila ngayon at biglang

tatanungin siya nito ng ganoon. Balak pa yata siyang ayaing kumain?

Nasaan na iyong sinabi ni Phoebe na, “*It’s going to be very easy. You’ll be out of there before you know it.*”

“Oo,” agad na sagot niya sa kausap. Which was true. Pinilit ni Piper na kumain bago lumarga kanina dahil buong araw siyang hindi nakakain sa nerbyos at ayaw niyang biglang himatayin sa gutom sa gitna ng kanyang misyon.

Pero kahit siguro sampung taon siyang hindi kumain ay ‘oo’ pa rin ang isasagot niya rito. Halata naman kasing nananadya ang lalaki. Hindi ba nito nakikitang gusto na niyang lumipad palayo roon?

“In that case, prepare us some wine while I get covered up. Unless you just want to watch me instead?”

Hindi na niya kailangang masabihan pa uli. Agad siyang tumalikod para hanapin kung saan maghahanap ng alak.

“I have chilled my favorite, you can bring that one out.”

Thankfully, iisa lang ang wine bottle na nasa mini refrigerator kaya alam niyang iyon ang ilalabas. Hinanap ng mga mata niya ang wine glasses at kumuha ng dalawa.

Nanginging ang mga kamay ni Piper. She’s not actually used to preparing wine or anything, hindi

niya alam na parte pa ito ng pagiging sekretarya ni Phoebe.

She was a kindergarten teacher, for goodness' sake! Isang respetadong kindergarten teacher... bakit ba pakiramdam niya paglabas niya sa kuwartong ito ay hindi na niya irerespeto ang sarili?

It's not as if she's going to do any antics tulad ng ginawa ni Phoebe. Kayang-kaya niyang lusutan ang sitwasyong ito.

"It's safe to look," narinig niyang sabi nito. Pero nang harapin niya ang lalaki ay nadismaya siya nang sa halip na makita itong nakadamat na ay nababalot lamang ito ng itim na silk robe. She wasn't even sure if he bothered to put on anything underneath.

Oh my gosh, oh my gosh! Shame seemed to creep up all over her face. She was actually picturing him naked again!

At dahil guilty, iniwas ng dalaga ang paningin at sa gilid ng mga mata ay nakita niyang papalapit ito.

"Akala ko pa naman nagbihis ka na," may pang-aakusa sa boses niya.

"Bakit pa? Hindi naman ako lalabas. I always sleep with just my boxers on."

At least, my boxers pala ito... and again, the picture almost made her eyes pop out.

Kinuha nito ang isang wine glass mula sa kanya.

"Thank you. Shall we sit down?" Iginiya siya nito sa sofa sa pamamagitan ng paghawak sa kanyang

siko na dahilan upang tila kukuryentehin ang buong katawan niya.

“Slowly,” he chuckled nang makitang halos lagukin niya ang laman ng hawak na kopita.

“Actually kasi, nagmamadali ako.” Muli siyang lumagok at nanginginig ang mga labing nginitian ito nang maubos ang alak at ibinaba ang kopita sa mesita.

“Too bad, I am in need of a company tonight.”

Piper was glad hindi niya na hawak ang kopita, kung nagkataon baka nabitiwan niya pa iyon sa gulat dahil sa narinig.

So, was he hoping for a repeat performance sa naganap sa pagitan nito at ni Phoebe?

Pilit niyang pinakalma ang sarili. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

Nagkibit-balikat ito. “Natalo ako sa pustahan namin ng pamangkin ko, so I have to watch this movie as my penance. But knowing her, this must be a sappy one so naisip kong mas maganda yata kung may kasama ako.”

Was he out of his mind? Asking a stranger—
Haller? Hindi ka stranger! You’re his secretary!
His secretary whom he was tumbling in bed with just the other night. Or so he thought.

Pero siyempre hindi niya ito pagbibigyan, hindi na ito kasama ng misyon niya. Sobra-sobra na ito! She should just go home to Nueva Ecija at isumbong

sa nanay niya ang kalokohan ng kakambal niya.

Napabuntung-hininga si Piper. Siyempre alam niyang hindi niya iyon gagawin.

“Anong pelikula ba ang ipinapanood sa iyo?” It’s not as if pagbibigyan niya ito, na-curious lang siya. He was actually doing this for his niece, isn’t that sweet?

“It’s in the player. Something called *The Notebook*.”

This time, hindi napigilan ni Piper ang mapangiti nang totoo. Naalala niya pa ang hitsura nang mag-isang panoorin iyon sa apartment niya. Dahil mag-isá, walang pumigil sa kanya sa pagngawa habang nanonood. Naubos niya talaga iyong isang rolyo ng tissue.

“So you’ve watched it,” anito base sa ngiti ngiya. Tumango siya. “A good one?” Tumango uli siya. “Very well, then I know you wouldn’t mind watching it again.” Tumayo ito para i-set up ang player.

“Kailangan ko talagang—”

“We are only going to open my laptop together kapag natapos na natin ang pelikula, okay?” Determinado ang mukha nito.

Feeling beaten, walang nagawa ang babae kundi ang mapasandal na lang sa sofa. She’s come this far, backing out would make all her efforts useless.
“Okay.”

This was no big deal. Ang kaso, the aura of the

man was a big problem. Hindi niya alam kung paano niya kakayaning magtagal pa rito.

She should start planning Phoebe's execution. Slow and painful execution.



The screen was huge, and the sound system was perfect, pero hindi iyong ma-appreciate ni Piper. She was so uncomfortable trying her best not to move.

“Come closer,” anang lalaki.

“Okay lang ako dito.”

So he was the one who moved closer.

She stilled. Damn, bakit ba parang hinihintay niyang dumikit ito sa kanya? As if his nearness wasn't causing enough havoc to her senses. As if the sexual tension wasn't driving her crazy!

This is not me, aniya sa sarili. *This is so not me*. Pero hindi niya naman masisisi ang isang kopita ng alak. Baka sinasaniban siya ng isang masamang kaluluwa, masama at malanding kaluluwa.

In all her twenty-eight years, ngayon lamang nakaramdam ng ganito katinding pisikal na atraksyon si Piper sa isang lalaki. She almost went all the way one time with her boyfriend when she was twenty-four, but maybe it was the lack of intensity that made her manage to stop. Mabuti na lang, because she found out later that Rowan, her boyfriend that time, was a total idiot! Dahil hindi

nakuha ang gusto sa kanya ay ipinagkalat sa mga kaibigan nila ang kabaliktaran. They broke up a week later.

The memory of her experience with him was forgettable. Whereas, alam niyang lalabas siya ng lugar na ito ngayong gabi forever confused over this strange feeling.

“Are you okay?” narinig niyang tanong ng katabi.

“Nope,” she answered honestly. She could have lied and said yes. Pero ewan kung bakit naisip niyang kung magpapakatotoo siya ay maaawa ito at pagbibigyan siya sa hiling niya.

“Want me to make you feel okay?” Tinaasan siya nito ng kilay.

Gusto niyang mapatawa. Her despair over the situation made her blurt out, “You can’t make me feel okay.”

Narinig niyang napatawa ito nang mahina. “Isa ba iyang hamon? Gusto mong patunayan kong mali ka?”

Nasapo ni Piper ang kanyang mukha. “Of course not. Wala ka nang kailangang patunayan. I already gave in to you the other night, and that’s the only reason I am here. Oh no, don’t get it the wrong way. I didn’t come back for more. I mean...” Lumipad ang mga kamay niya sa ere para lang ma-express ang nararamdamahan. “Look, video taping it was the most stupid thing ever! Kailangan kong i-delete ang

video for both our sake, then after that I am resigning from my job. Period.”

“Ah, that’s the problem.” He continued smiling at her seductively at halos manginig ang mga tuhod niya. “I can’t remember what’s in the video. Care to remind me?”

“No,” bulong niya. Tinangka niyang umurong palayo, pero hindi sumunod ang katawan niya.

So hindi naaalala ng lalaki na ni-video tape nito ang nangyari? O hindi nito naaalala ang gabing iyon, at all?

“Then I’ll have remind myself because I seem to have forgotten and I’m dying to remember.” And with that ay dahan-dahan nitong inilapat ang mga labi sa kanyang bibig.

Nagulat ang dalaga kaya hindi siya nakapalag. But she didn’t have to respond so eagerly, right? And respond hungrily, she did. When his tongue darted inside her mouth, she was there to meet him. Her hands seemed to have gained control on their own and went around his neck, pulling him closer.

Pagkalipas ng ilang sandali ay halos parehong mawawalan ng hininga na naghiwalay ang kanilang mga labi. Nanlalaki ang mga matang napatitig lamang siya rito. Her hands didn’t move. Nanatili iyong nakapalibot sa lalaki.

He smiled again. Crookedly this time because he was evidently trying to take control of his obvious

arousal.

“Not enough. I need more reminders,” he said hoarsely and went for more.

This time, he moved her to his desired position until her legs were straddling him. His lips explored her face, from her lips, to her cheeks, maging ang kanyang mga mata ay dinampian ng mga labi nito. It was as if he was tasting everything, every part, trying to remember. Then his mouth moved down slowly. Down to her neck and she gasped. Napayakap siya sa baywang nito at napahigpit ang yakap niya.

He groaned then. But she groaned louder when she felt his stiff arousal.

“Oh. My. Gosh!”

Finally. Finally, natauhan si Piper. But when she tried to pull away, she found herself glued to him dahil hindi siya pinayagan ng mga braso nitong nakapalibot sa kanya.

“Let me go,” mahinang sabi niya. She wondered where her voice came from, to think that she didn’t want to say those words at all.

“Not until you tell me who you are.” Narinig niya ang seryosong boses nito.

Nanigas ang buong katawan niya. Napatingin siya sa mga mata nito, pero wala siyang mabasa. Hindi maitatago ang matinding gulat at takot na kanyang naramdamang. Alam ba nitong may kakambal si Phoebe? Alam ba nitong impostor siya?

Nagpilit pa siya ng tawa. The hell! Paninindigan niyang siya si Phoebe! Hindi siya papayag na mabisto. Because... because that would also mean mabibisto na siya, si Piper, ay nakipaglampungan sa isang estranghero. Better it be believed na ipinagpatuloy lang ni Phoebe ang nasimulan kasama ang taong ito. In the first place, ang kakambal niya naman ang may kasalanan ng lahat!

“I’m Phoebe, of course,” nagawa niyang sabihin sa kabilang panunuyo ng kanyang lalamunan.

“Of course.” His fingers slowly traced her spine up... and then down again. Pagkuwa'y tiningnan siya nito nang may ngiti sa mga labi. “Phoebe who?”

No!

The sudden realization made her stop breathing.

Oh, my gosh... no, no, no! She couldn’t have made a mistake!

“Who are you?” nahihintakutang tanong niya.

“I’m Rocco.”

Rocco... she’s never heard this name from Phoebe. Javier had two names?

“Rocco Javier Cervantes? Javier Rocco Cervantes?” her voice croaked.

“Just Rocco. Uhm... no, it’s not Cervantes. Rocco Sevilla.”

CHAPTER *Three*

Nanlambot ang buong katawan ni Piper. Kahit gustong lumayo sa lalaki, wala na siyang mapagkukunan ng lakas para gawin iyon. Sa halip, napahugot na lamang siya ng malalim na hininga at yumuko. Hindi niya alam ang gagawin. Gusto niyang maglahong parang bula. Kahit forever na. Pero alam naman niyang hindi iyon posible.

“I’m so confused with what’s happening, that I have decided to let you stay and explain yourself.” To her great relief, naramdaman niya ang pagbuhat ni Rocco sa kanya para paupuin nang maayos sa sofa. Pero panandalian lamang iyon dahil hinila nito ang isang single couch at pumuwesto sa kanyang harapan. “Now, if you may start?”

Dumako ang paningin niya sa pinto. Bakit ba

bigla ay parang napakalayo niyon ngayon?

“Oh, no. Don’t even think about it. Binibigyan kita ng pagkakataon para ipaliwanag ang sarili mo. Pero kung mas pipiliin mo iyong mas mahirap na paraan, then I can call the security right now and you will explain to them why you broke into my suite, tried to steal my laptop and confused the hell out of me.” He grinned. “Not that I am complaining about the ‘confusing me’ part.”

Her face burned in shame at tinangka niyang tumayo, pero agad nitong itinaas ang isang paa para harangin siya.

Damn, why did he even look so cool doing that? Iwinagayway pa nito ang hintuturo sa kanya. Inirapan niya ito at muling naupo.

“I made a mistake. Just let it pass.” As if! Piper had a feeling this night was going to be a long night.

“Easy for you to say. But this is my hotel’s reputation at stake. And it was my friend Javier you planned to steal from.”

Okay, at least, naliwanagan ang isang bagay. Hindi naman pala siya nagkamali ng suite na pinasok. This was the right suite, but with the wrong person.

Lintek na Phoebe! Sabi niya, ito ang iookupa ni Javier hanggang bukas ng hapon kung kailan matatapos ang seminar!

Tumikhim siya. “Hindi ako magnanakaw. Wala

akong balak nakawan siya.” Pakiramdam niya ay sasabog ang kanyang ulo sa galit at desperasyong nararamdaman.

“Ah, oo nga pala. Pumarito ka lang para i-delete ang video. I’m guessing it’s a sex video. You are pretending it’s yours and his, but it appears you are the wrong person. Paano nangyari iyon? Naparito ka para mag-pretend na siyang nakasama niya noong isang gabi? How were you so sure na hindi ka niya makikilala? Or did you both wear masks?” Napailing si Rocco. “No, kung natatakpan ang mga mukha ninyo, hindi ka na sana nag-abalang balikan ang video. Ahh...” Muli itong napailing. “This is making me crazy. Just enlighten me, please.”

“It was my twin and her boss Javier. Sapat na iyang paliwanag. You’re going to figure it out kung matalino ka.” She decided that’s all she’s going to say about the matter.

“Interesting. So hindi ikaw si Phoebe, ano’ng pangalan mo?”

“Piper,” matigas ang boses na sabi niya kahit hindi niya talaga gustong sumagot.

“Piper. Nice one.”

“Puwede na ba akong umalis?” Wish niya lang.

“Papunta saan? Hahanapin mo si Javier?”

Napangiti siya nang mapait. “I messed up when I had the right room, how do you think I would do out there?”

“Puwede mong hingin ang tulong ko?” suhestyon nito.

Kung puwede lang. But her pride and dignity had just been crushed to the ground, ang gusto na lamang niyang gawin ay lumayo roon. Iyon naman ang intensyon niya. Tumayo uli siya.

“Hindi pa kita pinapayagang umalis.”

Sa pagkakataong ito, hindi na kumilos ang lalaki para pigilan siya. Pero ang mga salita nito mismo ang nagpatigil sa kanya. He sounded so playful, na para ba silang naglalaro lang ng jack en poy.

“Don’t be ridiculous. Wala na akong business dito.”

“There’s still the matter of you breaking into my suite. I find that a serious offense. Same goes for your twin, who had no business telling other people about my security code. So, before you attempt running away, isipin mo munang mabuti—alin ang mas mabilis, ang pagtakbo mo pababa o ang tawag ko sa security na magsasara ng entrance at lahat ng exits?”

Just shoot me now! sigaw ng isipan ni Piper habang napapapikit. *Shoot me for being stupid and agreeing to do this in the first place!*

Humugot siya ng malalim na hinlinga saka dahan-dahan itong hinarap.

Rocco was slumped lazily on the couch at taas ang isang kilay nito na hinihintay ang sasabihin niya.

Oh em gee! impit na sigaw ng kanyang isipan.

Was she just frolicking with this handsome devil minutes ago? How did she even manage to stop? Nadako ang paningin niya sa nakangiting mga labi nito at hindi niya napigilan ang mapalunok. Damn, did those lips really kiss her...

Kinurot ni Piper ang kanyang sarili. Hindi siya makapaniwala lang binabalikan pa niya ang alaalan ng iyong samantalang pinagbabantaan siya ngayon ng lalaking kaharap.

“Ano pa ba ang gusto mo? If you’re intelligent enough, aaminin mong nagkamali lang talaga ako and you would forget this situation ever happened.”

“That’s the second time you questioned my intelligence, pero palalampasin ko. As of forgetting about this situation, I’m afraid I can’t do that. Sa totoo lang, alam kong hindi ko makakalimutan kahit isang segundong lumipas mula nang makita kita sa kama ko.”

“Don’t push it,” tiim-bagang na sabi niya. And to her surprise, narinig niyang tumawa ito. Totoong tawa. Hindi nang-iinsulto, hindi sarkastiko. Simpleng tawa ng isang masayang tao.

“Come on.” Tumayo ito. “Dadalhin kita kay Javier, on one condition.”

“Ano?” Puno ng suspetsa pa rin ang tingin ipinukol niya rito. If he asked her to resume what they’d started, shed... what? Tanong iyong ng kanyang isipan. And the answer was so ridiculous she blushed

again.

“Nothing to worry about. I’ll just ask for one dinner date, in exchange.”

Say no. Say yes.

Her mind was so confused kaya hindi agad nakasagot.

“Tutulungan pa kitang kumbinsihin si Javier sa iyong malinis na intensyon.”

Dahil matalino si Piper, bumagsak na lamang ng mga balikat niya tanda ng pagsuko. “Okay.”

“First,” anitong kumuha ng ballpen at papel, “write down your complete address and phone number.”

She did so, grumpily.

“Then, let me just change into something decent.”

At muli, wala siyang nagawa kundi ang tumalikod na lang para hindi ito makita.



“Bakit ba kasi biglang ikaw ang nasa suite mo?” She was still cranky habang hinihintay nila ang pagtaas ng elevator na magdadala sa kanila sa kung nasaan man si Javier. “S’abi ni Phoebe, si Javier ang gagamit n’on hanggang bukas dahil out of the country ka. At kaya lang naman ako naglakas-loob gawin ito dahil akala ko talaga nasa labas si Javier at nagdi-dinner.”

“Napaaga ang balik ko. I asked Javier to share but he insisted on having his own room, tutal ang kompanya naman nila ang magbabayad.”

Hindi na uli umimik si Piper hanggang makapasok sila ng elevator at makalabas. Ilang sandali pa'y nasa harapan na sila ng isang silid at kumakatok sa pinto.

Tiningnan nito ang relo. “He’s supposed to be back from dinner.”

Tama si Rocco dahil biglang bumukas ang pinto at bumungad ang isang lalaking ipinagdarasal niyang si Javier na nga.

Oh, well, nahugot niya ang hininga. He was handsome alright, but not as attractive as she found the man beside her.

Sige, pairalin ang kalandian, anang isipan niya at kulang na lang ay kurutin niya ang sarili.

Napakunot-noo si Javier nang makita siya. Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanilang dalawa.

“Phoebe, what’s wrong? S’an ka nagpupunta?”

Tama si Phoebe, kung nagkataong nahuli siya sa akto ni Javier, hindi nito malalaman ang diperensya sa pagitan nila ng kakambal niya.

“Sa loob tayo,” ani Rocco.

Habang pinapakinggan si Rocco na ipinapaliwanag ang rason kung bakit sila naree, hindi maiwasang magpasalamat ni Piper sa isipan. He was doing it so well, samantalang alam niyang

kung siya ang mag-isang narito ngayon ay hindi niya alam kung saan magsisimula.

Kung sa tingin niya ay nabigla si Javier nang marinig na hindi siya talaga si Phoebe, mas nabigla ito nang marinig ang sumunod na paliwanag ni Rocco.

“Really? We have a sex video?”

In fairness, it seemed Javier was really drunk that time dahil totoo ang pagkabigla sa mga mata nito. Agad nitong tinungo ang laptop at nagsimulang kalikutin iyon.

Tahimik na pinagmasdan lamang nila ito. Pero halata nang makita na nito ang hinahanap.

“Oh,” namutawi sa bibig ng lalaki. “Wow!”

Much as she hated to even take a peek, napilitang lumapit ni Piper. “Excuse me, I need to take care of that.” At hinila niya ang laptop.

“At least, let me finish,” parang timang na hiling nito.

“Huwag na, sasakit lang ang puson mo. You didn’t actually do it.”

May panghihinayang sa mukha ng lalaki.

It took her long para siguruhing hindi na mare-retrieve ang video. Nang makontento saka niya ibinalik kay Javier ang laptop.

“Wala na talaga?” tanong pa nito.

“Wala na. Salamat.”

“Bakit hindi si Phoebe ang nagpunta rito?”

“She had an accident. Ipapadala na lamang niya iyong resignation letter niya.”

“Resignation?” Napakunot-noo si Javier. “Hindi niya naman kailangang mag-resign ng dahil dito. Magaling na sekretarya si Phoebe, she’s always been efficient. Kung tungkol ito sa nangyari, ni hindi ko ito maalala, she’s got nothing to worry about.”

“I think that’s up to her to decide. Thank you uli, for making this easy for me. At matanong ko lang, ilang taon ka na ba sa trabaho mo? Never heard of the phrase, ‘don’t mix pleasure with business?’” Iiling-ililing pa siyang nagpatiunang lumabas ng tinutuluyang silid ni Javier.



“Ihahatid na kita.”

“No.” That’s the sane part of her who answered. Dahil wala itong nakikitang dahilan para pumayag na ihatid siya ng lalaki.

They were strangers, for goodness’ sake!

Strangers who’d been kissing and necking not more than an hour ago.

Gustong sabunutan ni Piper ang sariling buhok. Binilisan na lamang niya ang paglalakad para marating ang elevator upang makababa na siya at makaalis.

“Gusto ko lang makita kung saan kita susunduin bukas ng gabi,” nakangiting sabi ng lalaki. He was

really enjoying this.

“Hindi mo naman ako kailangang sunduin. Magkita na lang tayo d’yan sa malapit na *Jollibee*, alas siete ng gabi.”

Sa pagkakataong ito ay napatawa na si Rocco. “Such a plan. Huwag kang mag-alala, hindi ko naman iimbitahan ang sarili kong pumasok sa tirahan mo kung ayaw mo.”

“Bumalik ka na kaya sa suite mo at tapusin mo na iyong *The Notebook*, wala ka pa sa pinakamagandang parte.”

Umikot ang eyeballs nito. “Yeah, that.” Pero muli itong ngumiti. “That can wait. Let me just get my car keys.”

Piper pretended to lean on the wall na kunwa’y hihintayin nga ito, pero pagkawala ng lalaki sa paningin niya ay agad na siyang tumakbo palabas.